Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

AUG 27 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 401 , s. 2008

PAMBANSANG BALAGTASAN SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Paaralang Pampubliko at Pribado

1. Ang Sentro ng Wikang Filipino, Pamantasan ng Pilipinas, Lungsod ng Quezon at ang Kagawaran ng Edukasyon, Kawanihan ng Edukasyong Sekondari (DepED, BSE) ay magtatampok ng "Pambansang Balagtasan sa Filipino".

2. Ang balagtasan ay isang anyo ng debate sa paraang patula. Ito ay isa sa mga pangunahing anyo ng panulaan na umusbong at lumaganap sa mga unang dekada ng siglo 20. Tampok dito ang dalawang mambabalagtas na kumakatawan sa magkabilang panig ng isang paksa, at ang isang tagapamagitan na tinatawag na Lakandiwa. Karaniwang pinagtatalunan ang mga pang-araw-araw na paksa hanggang sa mga usaping pambansa at pandaigdig.

3. Layunin ng paligsahang ito na:

a. makatulong sa pagpapasigla ng isang anyo ng panitikang Pilipino;
b. makabuo ng mga piyesa ng balagtasan na tumatalakay sa mga napapanahong isyu; at
c. maitanghal ang mga piyesa ng balagtasan sa publiko.

4. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral sa hayskul. Gagawin ang pagdaraos ng paligsahan sa mga sumusunod:

a. Pampaaralang Balagtasan – huling linggo ng Setyembre 2008
b. Pansangay na Balagtasan – ikatlong linggo ng Oktubre 2008
c. Rehiyonal na Balagtasan – ikalawang linggo ng Nobyembre 2008
d. Magkakasamang Rehiyon (Regional Cluster) na Balagtasan – Nobyembre 27, 2008
e. Pambansang Balagtasan – Disyembre 10, 2008

5. Ang bawat pangkat na kalahok ay dapat may apat na kasapi: dalawang (2) mambabalagtas, isang (1) lakandiwa at isang (1) tagapayo/tagapagsanay.

6. Ang pamasahe ng mga kalahok (papunta at pabalik) para sa pagdaraos ng magkakasamang rehiyon (regional cluster) at pambansang balagtasan ay manggagaling sa pondong lokal na dapat sumailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri. Ang pagkain at tirahan ng mga kalahok ay manggagaling sa pondo ng Sentro ng Wikang Filipino, Pamantasan ng Pilipinas.

7. Kalakip ng Memorandum na ito ang proseso at implementasyon ng nasabing paligsahan at isang halimbawa ng balagtasan para sa patnubay ng mga tagapagtaguyod ng nasabing paligsahan.

8. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag kay Gemma Cabrera sa Sentro ng Wikang Filipino, Pamantasan ng Pilipinas, Lungsod ng Quezon sa tel. blg. (02) 924-4747 at sa Kawanihan ng Edukasyong Sekondari kay Gng. Evangeline C. Calinisan sa tel. blg. (02) 632-7746.

9. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**VILMA L. LABRADOR**
Pangalawang Kalihim
Officer-in-Charge

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Sanggunian: Wala
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS
STUDENTS

Sally: Balagtasan sa Filipino
Agosto 14, 2008

**(Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 401, s. 2008)**

**Proseso at Implementasyon**

A. Pagdaraos ng Pampaaralang Balagtasan

1. Idaraos ang pamapaaralang balagtasan sa huling linggo ng Setyembre, 2008.
2. Ang paaralan ang mamamahala sa pampaaralang balagtasan.
3. Ang paaralan ang magkakaloob ng mga sertipiko sa mga kalahok at mananalo
4. Magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala sa paligsahan

B. Pagdaraos ng Pansangay na Balagtasan

1. Idaraos ang Pansangay na Balagtasan sa ikatlong linggo ng Oktubre, 2008
2. Ang sangay/dibisyon ang mamamahala sa paligsahan
3. Ang sangay ang magkakaloob ng mga sertipiko sa mga kalahok at mananalo
4. Magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala sa paligsahan

C. Pagdaraos ng Rehiyonal na Balagtasan

1. Idaraos ang Rehiyonal na Balagtasan sa ikalawang linggo ng Nobyembre, 2008
2. Ang rehiyon ang mamamahala sa buong paligsahan sa Rehiyonal na Balagtasan
3. Ang rehiyon ang kukuha ng mga hurado para sa paligsahan
4. Ang rehiyon at UP ang magkakaloob ng mga sertipiko sa mga kalahok at mananalo
5. Magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala sa paligsahan. Ang unang puwesto ay tatanggap ng limang libong piso (P5,000) na ipagkakaloob ng UP.
6. Ang gastusin para sa transportasyon at akomodasyon ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong lokal

D. Pagdaraos ng Magkakasamang Rehiyon (Regional Cluster) na Balagtasan

1. Pagpapangkatin ang 17 rehiyon sa apat at hahatiin sa dalawang cluster:
   *Northern Luzon*: Rehiyon 1, 2, 3, CAR, at NCR
   *Southern Luzon*: Rehiyon IV-A, IV-B, at V
   *Visayas* : Rehiyon VI, VII, at VIII
   *Mindanao* : Rehiyon IX, X, XI, XII, CARAGA, at ARMM

( Titiyakin ng pagpapangkat na ito na magiging tunay na pambansa ang paligsahan dahil magkakaroon ng representasyon ang bawat rehiyon )

2. Idaraos ang Magkakasamang Rehiyong Balagtasan sa Nobyembre 27, 2008 sa UP Diliman, Lungsod Quezon batay sa sumusunod na lugar at iskedyul:

1st set: 8-12 nu - FC Recto Hall : Southern Luzon (3 rehiyon- IV-A, IV-B, V)
Engineering Theater : Visayas (3 rehiyon- VI, VII, VIII)

2nd set: 1-5 nh - FC Recto Hall : Mindanao (6 rehiyon-IX, X, XI, XII, CARAGA, ARMM)
Engineering Theater: Northern (5 rehiyon- I, II, III, CAR, NCR)

4. Ang UP at Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ang mamamahala sa buong paligsahan sa Magkakasamang Rehiyong Balagtasan

5. Ang UP at Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ang kukuha ng mga hurado para sa paligsahan

6. Ang UP at Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ang magkakaloob ng mga sertipiko sa mga kalahok at mananalo

7. Magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala sa paligsahan.
8. Ang gastusin para sa transportasyon ay sasagutin ng pondo mula sa lokal na pamahalaan.

10. Ang mananalo ng unang gantimpala ay bibigyan ng dagdag na pagsasanay.

E. Pagdaraos ng Pambansang Balagtasan

1. Idaraos ang Pambasang Balagtasan sa Disyembre 10, 2008, 1:00 nh. Sa UP Theater, Diliman, Lungsod Quezon.
2. Ang UP at Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ang mamamahala sa buong paligsahan.
3. Ang UP at Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ang kukuha ng hurado para sa paligsahan.
4. Ang UP at Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ang magkakaloob ng mga sertipiko sa mga kalahok at mananalo.
5. Magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlo, ikaapat na gantimpala sa paligsahan
6. Ang gastusin para sa transportasyon ay sasagutin ng pondo mula sa lokal na pamahalaan.
7. Ang gastusin para sa akomodasyon ay sasagutin ng UP. ( 3 mag-aaral, 1 tagapayo, 1 Pansangay na Superbisor sa Filipino at 1 Pangrehiyong Superbisor sa Filipino )
8. Sisikaping maisatelebisyon o maisahimpapawid sa radyo ang balagtasan.

Patnubay sa paglahok

1. Bukas ang balagtasan sa lahat ng mga mag-aaral sa hayskul
2. Bawat pangkat ng kalahok ay may apat na kasapi : dalawang mambabalagtas, isang lakandiwa, isang tagapayo/tagapagsanay.
3. Ang pangkat ang inaasahang susulat ng kanilang piyesa na tatalakay sa itatakdang piyesa sang-ayon sa mapagpupulungan.
4. Bawat piyesa ay bubuuin ng tigtatatlong tindig ( bukod pa rito ang panimula at pagtatapos ng lakandiwa ). Susulatin ito ayon sa mga kumbensyon ng tradisyunal na tula ( may sukat at tugma ).
5. May limang antas ang paligsahan: panpaaralan, pansangay, pangrehiyonal, magkakasamang rehiyon at pambansa.
6. Ang Magkakasamang Rehiyong Balagtasan ay gaganapin sa Nobyembre 26-28, 2008 sa UP Diliman, Lungsod Quezon sa sumusunod na lugar :

   1st set: 8-12 nu - FC Recto Hall : Southern Luzon (3 rehiyon- IV-A, IV-B, V)
   Engineering Theater : Visayas (3 rehiyon- VI, VII, VIII)

   2nd set: 1-5 nh - FC Recto Hall : Mindanao (6 rehiyon-IX, X, XI, XII, CARAGA, ARMM)
   Engineering Theater: Northern (5 rehiyon- I, II, III, CAR, NCR)
7. Idaraos ang Pambasang Balagtasan sa Disyembre 10, 2008, 1:00 nh. Sa UP Theater, Diliman, Lungsod Quezon.

Pamantayan

- Piyesa
  a. Paglinang sa paksa
  b. Pagtatagpo ng katwiran
  c. Husay ng mga katwiran

- Pagbigkas
  a. Linaw ng Tindig at Pagbigkas
  b. Tindig sa Entablado
  c. Kasuotan

a. Antas Nasyonal
   - Tropeo sa lahat ng apat na kalahok
   - Unang Gantimpala : P 30,000 at Tropeong Angara na mananatili sa paaralan sa loob ng anim na buwan
   - Ikalawang Gantimpala : P 20,000
   - Ikatlong Gantimpala : P 10,000